# PAGGAMIT NG INTERAKTIBONG ESTRATEHIYA NG GURO SA PAGPAPATAAS NG ANTAS NG PAGKATUTO AT GAWI NG MGA MAG –AARAL SA FILIPINO

Isang Pananaliksik na iniharap sa
College of Education
Misamis University
Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan
ng mga kinakailangan sa Titulong
**Bachelor of Secondary Education**
Major in Filipino

nina

**ETHEL A. BALAGTAS**

**NICE IVY I. TAGAAN**

May 2025

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay pinamagatang, **"PAGGAMIT NG INTERAKTIBONG ESTRATEHIYA NG GURO SA PAGPAPATAAS NG ANTAS NG PAGKATUTO AT GAWI NG MGA MAG –AARAL SA FILIPINO"** ay inihanda at ipinasa nina **Ethel A. Balagtas at Nice Ivy I. Tagaan** bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education** Major in **Filipino,** na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd**
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may grading *Pasado*.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Chairman

**JOENARD L. TUASTOMBAN, MAEd**
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education** major in **Filipino.**

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Dean, College of Education Petsa:

Mayo 2025

## PAGKILALA

Ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito. Ang kanyang walang humpay na suporta at pagtuturo ay naging malaking tulong sa pag-unlad ng mananaliksik.

Kay Gng. Leizel Joy C. Dabalos, ang tagapayo, sa kanyang suporta, gabay, mungkahi, at probisyon na upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito. Ang kanyang pagbabahagi ng kaalaman sa pagsusuri ng datos ay naging malaking tulong sa pag-unlad ng mananaliksik.

Kay G. Joenard S. Tuastomban, sa kanyang matapat na pagtulong, pagbibigay ng mahahalagang komento, pagbibigay sigla at tibay ng loob sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito.

Kay Gng. Sydel Camille D. Compo, sa kanyang pagbibigay suporta, at mahalagang komento at motibasyon.

Sa mga kalahok, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Ang kanilang pagtutulungan ay naging malaking tulong sa pag-unlad ng mananaliksik.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

**PAGHAHANDOG**

Ang pananaliksik na ito ay inaalay sa Poong Maykapal sa kanyang kaalaman at karunungan, na nagbigay ng lakas at inspirasyon, sa mga magulang, sa kanilang walang humpay na suporta at inspirasyon na nagbigay ng pag-asa at lakas; sa mga guro at tagapayo, sa kanilang gabay at pagtuturo na nagbigay ng at kasanayan, sa mga guro at tagapayo, sa kanilang gabay at pagtuturo na nagbigay ng kaalaman at kasanayan, mga kaibigan at kaklase, sa kanilang pagsama at panghihikayat na nagbigay ng aliw at pag-asa.

***Ethel & Nice Ivy***

## ABSTRAK

Ang paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto at paghubog ng gawi ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Misamis University. Ang disenyo ng pananaliksik ay kwantitatibo at ginamitan ng descriptive-correlational na lapit. Ang mga kalahok ay binubuo ng 200 mag-aaral sa ika labing-isang baitang ng Senior High School na napili sa pamamagitan ng stratified random sampling. Gumamit ang mga mananaliksik ng limang-puntong Likert scale na talatanungan bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro ay may makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Natuklasan din na ang gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nagsisilbing tagapamagitan (mediator) sa ugnayan ng estratehiya ng guro at ng antas ng pagkatuto. Ipinapakita ng mga datos na mas mataas ang motibasyon, partisipasyon, at interes ng mga mag-aaral kapag gumagamit ang guro ng makabago at interaktibong pamamaraan sa pagtuturo. Inirerekomenda ng pag-aaral na higit pang gamitin ng mga guro ang mga makabago at interaktibong estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan, pag-unawa, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.



**Mga Susing Salita**: *Filipino, gawi sa pag-aaral interaktibong estratehiya, pagkatuto*

## TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| PAMAGAT . . . . . . . . | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY . . . . . . | ii |
| PAGKILALA . . . . . . . | iii |
| PAGHAHANDOG . . . . . . . | iv |
| ABSTRAK . . . . . . . | v |
| TALAAN NG NILALAMAN . . . . . . | vi |
| TALAAN NG MGA TALAHANAYAN . . . . . | viii |
| TALAAN NG PIGURA . . . . . . | ix |
| KABANATA | |
| 1. PANIMULA . . . . . . | 1 |
| Teoretikal na Balangkas . . . . | 5 |
| Konseptuwal na Balangkas . . . | 7 |
| Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . | 10 |
| Layunin ng Pag-aaral . . . . | 11 |
| 2. PAMAMARAAN . . . . | 12 |
| Pamamaraang Ginamit . . . | 12 |
| Pananaliksik ng Pangkapaligiran . . | 12 |
| Pinanggalingan ng Datos . . . | 13 |
| Instrumentong Ginamit . . . | 13 |
| Pagtitipon ng Datos . . . | 16 |
| Isinaalang-alang na Etika . . . | 16 |

Estatistikang Pag-aaral ng mga Datos . . 16

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Antas ng Interaktibong Estratehiya ng Guro sa Pagkatuturo ng Asignaturang Filipino . . 18

Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 20

Antas ng Gawi sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino . . . . . . . 21

4. LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON . . . . . 29

Lagom . . . . . . 29

Mga Natuklasan . . . . . . 30

Konklusyon . . . . . . 31

Rekomendasyon . . . . . 32

TALASANGGUNIAN . . . . . . . 34

APENDIKS . . . . . . . . 37

Apendiks A – Talatanungan

Apendiks B – Talatanungan na may sagot

Apendiks C – Sampling Computation Raosoft

Apendiks D – Inform Consent

Apendiks E- Letter of Approval

Appendix F- Consent Form with sign

Appendix G- Stats Computation

Appendix-J Documentation

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Antas ng Interaktibong Estratehiya ng Guro sa Pagkatuturo ng Asignaturang Filipino . . . . | 17 |
| 2 | Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino . | 18 |
| 3 | Antas ng Gawi sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino . . . . . . . | 20 |

## TALAAN NG PIGURA


| Pigura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . . . | 11 |

Kabanata 1

## PANIMULA

Sa patuloy na pagbabago ng mundo ng edukasyon, mahalaga na ang mga guro ay magkaroon ng mga estratehiyang epektibong nakakapag-udyok sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina (Cebi et al.,2020), ang paggamit ng interaktibong estratehiya ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng motibasyon at mas malalim ma pag-unawa sa mga konsepto. Ang flipped classroom approach ay isa ring napatunayang epektibong estratehiya na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng pagkatuto (Xiu, 2020). Sa ganitong mga pamamaraan, napupukaw ang interes ng mga mag-aaral at napapabilis ang kanilang pag-unlad sa pag-aaral (Tero et al., 2024).

Ang interaktibong estratehiya ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Ayon kay (Peneda, 2023), ang mga pananaw ng mga gurong nagsasanay tungkol sa kolaboratibong pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na nagtataguyod ng pakikipag-ugnayan, pakikipagtalastasan, at pagtutulungan, mas naiintindihan ng mga mag-aaral ang mga konsepto at mas nabibigyan ng pagkakataon na mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat, at pakikinig. Inimungkahi din nina (Sali et al., 2024), ang mga kagamitang pampagtuturong ginagamit sa mga asignaturang Filipino. Katulad lamang ng isang pagtatangkang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na tumbang salita sa paglinang ng talasalitaan ng mga piling mag-aaral sa baitang (Magnaye, 2024).

Ipinakikita ng pag-aaral ang kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa nasabing distrito at inirerekomenda ang mas malawak na suporta para sa teknolohiya at

pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo (PIA, M. G. G., 2025). Gayundin, ipinapakita ng pananaliksik nina (Mayag-as et al.,2023), na ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya ay may malaking epekto sa kanilang pagtuturo, kaya't mahalaga ang patuloy na pagsasanay at pag-unlad sa larangang ito. At ibinahagi din sa pag-aaral ni (Daga, 2023), ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya upang mapabuti ang pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa edukasyon.

Sa internasyonal na konteksto, isang pag-aaral ni (Holbrey, 2020), ang nagpakita na ang paggamit ng game-based platform tulad ng Kahoot! Sa blended learning ay nagpapataas ng engagement at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa tradisyunal na lecture theatres. Samantala, isang pag-aaral nina (Avci et al., 2022), ang nagpakita na ang aktibidad ng mga mag-aaral sa Learning Management System (LMS) ay may positibong epekto sa kanilang engagement, information literacy, at academic performance.  Gayundin, ipinapakita nina (Onyema et al., 2019), na ang paggamit ng online discussion forums ay epektibong kasangkapan para sa interactive learning at komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro.

Ang paggamit ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay napatunayan bilang epektibo sa pagpapataas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral. Ayon sa isang pag-aaral nina (Liao et al.,2 019), ang kombinasyon ng instructional video at kolaborasyon ay nagdulot ng mas mataas na learning achievement at intrinsic motivation sa mga mag-aaral sa isang digital game-based learning environment. Gayundin, ipinapakita ng pananaliksik nina (Abdallah et al., 2023), na ang paggamit ng Kagan Strategies ay nagpalakas ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa isang interaktibong setting. Samantala,

ipinapakita ng pag-aaral nina (Cebi et al., 2020), na ang iba't ibang pattern ng interaksyon sa online learning activities ay may kaugnayan sa motivation, self-regulated learning strategies, at learning performance ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng interaktibong estratehiya sa pagpapabuti ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sa Pilipinas, ipinakita sa pag-aaral ni (Santos, 2017), na ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya tulad ng role-playing, debate, at group discussions ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa antas ng sekundarya. Ayon din kay (Slavin, 2011), ang mga estratehiyang tulad ng think-pair-share at jigsaw ay nagpapataas ng academic achievement at nakakatulong sa pagpapabuti ng gawi ng mga mag-aaral sa klase. Sa pananaliksik ni (Gonzales, 2019) sa mga pampublikong paaralan sa metro manila, ipinakita ang positibong epekto ng mga interaktibong estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat at pagbasa.

Sa isang lokal na pag-aaral na isinagawa ni (Villanueva, 2022) sa Cebu, tinalakay ang epekto ng mga grupong gawain tulad ng brainstorming sessions, fishbowl discussion, at simulation activities sa pagpapataas ng academic performance ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon kay (Calipes et al., 2024), ang paggamit ng interaktibong palihan ay nakatutulong sa mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang mga pamamaraan tulad ng role-playing ay isang posibleng solusyon upang mapalakas ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ayon sa pag-aaral nina (Rodriguez et al., 2019), ang paggamit ng gamification sa edukasyon ay may positibong epekto sa pagkatuto at motibasyon ng mga mag-aaral. Ang mga element ng laro tulad ng puntos, badges, at

leaderboard ay nakakatulong sa pagpapataas ng interaksyon at kasiyahan ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral.

Sa lokal na konteksto, isang pag-aaral nina (Duckwitz et al., 2022), ang nagsuri sa pagtanggap ng mga mag-aaral sa isang interaktibong blended learning approach para sa pagtuturo ng outbreak investigations. Ang paggamit ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo ay may malaking epekto sa pagpapataas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon sa isang pag-aaral nina (Wang et al., 2022), ang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, pati na rin ang interaksyon sa nilalaman, ay may positibong epekto sa paglahok ng mag-aaral sa online na pagkatuto. Samantala, sa isang pag-aaral nina (Onyema et al., 2019), tinalakay nila ang paggamit ng online discussion forum bilang kasangkapan para sa interaktibong pagkatuto at komunikasyon.

Napansin ng mga mananaliksik na maraming mag-aaral sa sekundarya ang nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino, lalo na sa mga aspeto ng pagbigkas, tono, at intonasyon. Bagamat ang mga guro ay gumagamit ng mga tradisyunal na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, may kakulangan sa mga inobatibong paraan upang mapalawak ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang isang posibleng solusyon ay ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya tulad ng role play upang mapalakas ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Gayun paman, ang pagsasanay at implementasyon ng ganitong mga estratehiya ay hindi pa ganap na naisasakatuparan sa mga klase, kaya't may mga pagkukulang sa aktibong partisipasyon at interes ng mga mag-aaral sa pagtutok sa mga aspeto ng pagsasalita ng Filipino.

**Teoritikal na Balangkas**

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Constructivist Learning Theory ni John Dewey (1966) at Theory of Educational Productivity ni Herbert Walberg (1981). Ang mga teoryang ito ay magbibigay ng pundasyon sa pagsusuri ng epekto ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagpapataas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral sa Filipino.

Constructivist Learning Theory ni John Dewey (1966) ay nakatuon sa ideya na ang mga mag-aaral ay hindi basta tumatanggap ng impormasyon mula sa guro, kundi aktibong binubuo ang kanilang sariling kaalaman mula sa mga karanasang natamo nila sa kanilang kapaligiran. Ayon kay Dewey, ang edukasyon ay hindi lamang pagtuturo ng mga tiyak na kaalaman kundi ang pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal at orihinal pag-iisip. Sa teoryang ito, itinuturing na ang mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa kanilang sariling pagkatuto, at ang mga guro ay nagsisilbing gabay upang matulungan silang makuha ang kaalaman sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga interaktibong gawain (Main, 2023).

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro sa Filipino ay maaaring magtaguyod ng isang konstruktibismong kapaligiran kung saan ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na magtulungan, magbahagi ng mga ideya, at magsagawa ng mga gawain na magpapalawak sa kanilang kaalaman at kasanayan sa Filipino. Ang mga aktibidad na tulad ng talakayan, pagsasanay sa pagpapahayag, at pakikilahok na proyekto ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mag-ambag sa kanilang pagkatuto at bumuo ng mas malalim na pang-unawa sa paksa (Krahenbuhl, 2016). Ang mga ganitong estratehiya ay nagpapalakas ng aktibong partisipasyon ng mag-

aaral at nakatutok sa kanilang mga karanasan, kaya't nagiging mas epektibo ang kanilang pagkatuto.

Theory of Educational Productivity ni (Walberg, 1981), ay nagpapaliwanag ng mga salik na nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon sa teoryang ito, ang produktibidad ng edukasyon ay nakasalalay sa iba't ibang salik tulad ng kakayahan ng mag-aaral, motibasyon, damdamin ukol sa guro, kalidad ng pagtuturo, at ang kapaligiran ng silid-aralan. Ang mga salik na ito ay may direktang epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na matutunan at magtagumpay sa kanilang mga asignatura (Walberg, 2015).

Sa konteksto ng pag-aaral, ang teorya ni Walberg ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng motibasyon at ang positibong kapaligiran sa silid-aralan sa pagpapataas ng pagkatuto. Ang mga interaktibong estratehiya na ginagamit ng guro, tulad ng mga collaborative na gawain at aktibong talakayan, ay maaaring magbigay ng mas mataas na motibasyon at makakatulong sa mga mag-aaral na magpakita ng mas mahusay na akademikong pagganap. Ang kalidad ng pagtuturo at ang uri ng mga gawain sa klase ay may direktang epekto sa kanilang mga saloobin at gawi na nakakaapekto sa kanilang akademikong tagumpay (Angelica, 2021).

Kaugnayan sa pag-aaral ang mga teoryang ito ay may malalim na kaugnayan sa layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang epekto ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang Constructivist Learning Theory ay nagsusulong ng aktibong pakikilahok ng mag-aaral sa kanyang sariling pagkatuto, samantalang ang Theory of Educational Productivity ay nagpapakita na ang mga salik tulad ng motibasyon at kapaligiran sa silid-aralan ay may malaking epekto sa kanilang

akademikong tagumpay. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo, maaaring mapataas ang motibasyon ng mag-aaral at mapabuti ang kanilang pagkatuto at gawi, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagganap sa Filipino.

Sa pangakalahatan, ang paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa aktibong pagkatuto at ang pagpapabuti ng kapaligiran sa silid-aralan ay magiging susi sa pagpapalakas ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap at sa pagpapabuti ng kanilang gawi at kasanayan sa Filipino.

**Konseptuwal na Balangkas**

Lumitaw sa pananaliksik nina (Fabella et al.,2024), na ang paggamit ng audio-visual na kagamitan ay may malaking epekto sa kakayahan ng mag-aaral na unawain ang panitikan. Ayon kina (Liao et al., 2019), ang mga interaktibong pamamaraan ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa motibasyon ng mga mag-aaral. Sinusuportahan din ito ng mga pag-aaral nina (Rodriguez et al.,2019) at (Poysa et al.,2019), na nagpapakita ng positibong epekto ng gamification at sitwasyonal na pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina (Estera et al., 2022), ang paggamit ng MELC-based learning activity sheets ay nagbigay ng positibong pananaw sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng mga aktibidad na tiyak na nakabatay sa kanilang mga pangangailangan at antas ng pagkatuto. Sa kabilang banda, natuklasan nina (Wilfredo et al., 2021), na ang pagsasanib ng teknolohiya sa pagtuturo ay may makabuluhang epekto sa kognitibong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Sinusuportahan din ito ng pananaliksik nina (Onyema et al.,2019), na nagsasabing ang paggamit ng online forums

bilang interaktibong estratehiya ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto at interes ng mga mag-aaral.

Ang akademikong pagganap ng mag-aaral, particular sa asignaturang Filipino, ay naapektuhan ng iba't ibang salik tulad ng kakayahan ng guro, gamit na teknolohiya, at ang kapaligiran ng silid-aralan. Ayon kina (Dwyer et al., 2020), ang integrasyon ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pagkatuto. Ipinapakita rin sa pananaliksik nina (Hernandez et al., 2019), na ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay nagtataguyod ng mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binanggit nina (Smith et al., 2018) na ang pagtuturo gamit ang digital na teknolohiya ay nagiging mas kapaki-pakinabang sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral.


Ayon sa teorya ng konstraktibismo, natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon at pagbuo ng sariling kaalaman mula sa karanasan at pakikipag-ugnayan sa kanilang kapaligiran. Sa pag-aaral nina (Vygotsky, 1978), mahalaga ang papel ng guro bilang facilitator ng pagkatuto sa halip na simpleng tagapagbigay ng impormasyon. Ipinakita rin nina (Lee et al., 2021), na ang paggamit ng multimedia at iba pang digital na teknolohiya ay nagpapalawak ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Samantala, ayon sina (Chen et al., 2020), ang mga Biswal na representasyon ng mga konsepto ay nagtataguyod ng mas malalim pag-unawa.

Ang paggamit ng teknolohiya, tulad ng mga bidyo, online platforms, at iba pang digital na kasangkapan, ay nagpapataas ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ayon kina (Brown et al., 2019), nagiging mas madali ang pagtuturo ng komplikadong

konsepto sa pamamagitan ng mga interactive tools. Dagdag pa rito, binanggit nina (Cruz et al., 2020), na ang paggamit ng mga digital na kasangkapan ay nagtataguyod ng mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina (Diaz et al., 2018), na ang mga teknolohiyang ito ay nagiging sus isa pagpapahusay ng kasanayan sa Filipino.

Ang paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro ay isang epektibong pamamaraan upang mapataas ang kalidad ng pagkatuto at mga gawi ng mag-aaral sa Filipino. Ayon kina (Anderson et al., 2019), ang kakulangan sa mga makabagong kagamitan ay nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo. Ipinakita rin nina (Torres et al., 2020), na ang pagsusuri sa mga estratehiya sa pagtuturo ay mahalaga upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binanggit nina (Martin et al., 2021), na ang paggamit ng mga interaktibong pamamaraan ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng partisipasyon ng mag-aaral.

Ang interaktibong estratehiya ay maaaring maglaman ng iba’t ibang teknik tulad ng paggamit ng multimedia, group discussions, at role-playing. Ayon kina (Johnson et al., 2021), ang mga metodong ito ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng motibasyon sa pagkatuto. Binanggit din nina (Smith et al., 2020), na ang paggamit ng mga digital na kasangkapan ay nagiging susri sa mas epektibong pagtuturo. Dagdag pa rito, ipinakita sa pananaliksik nina (Hernandez et al., 2019), na ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pagkatuto.




Pigura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

**Pangkalahatang Layunin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga interaktibong estratehiya ng guro sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral sa Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Misamis University. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang antas ng interaktibong estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.
2. Natutukoy ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
3. Natutukoy ang antas ng gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
4. Natutukoy ang makabuluhang kaugnayan ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagtuturo sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
5. Nasusuri kung ang gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nagiging mediator o moderator sa relasyon ng estratehiya sa pagtuturo at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kabanata 2

# PAMAMARAAN

## Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng *descriptive correlational* na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang kaugnayan ng mga salik sa pag-aaral at kanilang akademikong pagganap.

## Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Senior High School ng isa sa paaralan ng lungod ng Ozamiz. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang Basic Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

**Pinanggalingan ng Datos**

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 200 na mga mag-aaral sa labing-isang baiting ng Senior High School sa Misamis University na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling mula sa apat (4) na strand.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrument sa pananaliksik:

A. Antas ng Interaktibong Estratehiya ng Guro sa Pagkatuturo ng Asignaturang Filipino. Ang talatanungan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang puntong likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Hindi Ginagamit Kailanman), ang bilang 2 naman ay (Bihirang Ginagamit), sa bilang 3 (Paminsan- minsang Ginagamit), sa bilang 4 (Madalas na Ginagamit), at sa bilang 5 ay (Lubos na Ginagamit). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa limang seksyon. Binubuo ito ng dalawangpu't lima na pahayag kasama ang mga sumusunod: pakikilahok ng mag-aaral, pakikipagtulungan, pag-analisa at pagsusuri, motibasyon at inspirasyon, at pagpapanatili ng interes.

Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa interaktibong estratehiya ng guro sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

| Sagot | Saklaw | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 5 | 4.21-5.00 | Lubos na Ginagamit |
| 4 | 3.41-4.20 | Madalas na Ginagamit |
| 3 | 2.61-3 .40 | Paminsan- minsang Ginagamit |
| 2 | 1.81-2.60 | Bihirang Ginagamit |
| 1 | 1.00-1.80 | Hindi Ginagamit Kailanman |

B. Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Ang talatanungan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang puntong likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Hindi Naunawaan), ang bilang 2 naman ay (Di- Gaanong Naunawaan), sa bilang 3 (Bahagyang Naunawaan), sa bilang 4 (Madalas na Naunawaan), at sa bilang 5 ay (Lubos na Naunawan). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa limang seksyon. Binubuo ito ng dalawampu’t limang pahayag kasama ang mga sumusunod: kaalaman sa wika, pagbasa at pagsusuri, pagsulat, pagsasalita at komunikasyon, at pag-uugali sa pag-aaral. Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

| Sagot | Saklaw | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 5 | 4.21-5.00 | Lubos na Naunawaan |
| 4 | 3.41-4.20 | Madalas na Naunawaan |
| 3 | 2.61-3.40 | Bahagyang Naunawaan |
| 2 | 1.81-2.60 | Di- Gaanong Naunawaan |
| 1 | 1.00-1.80 | Hindi Naunawaan |

C. Antas ng Interaktibong Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Ang talatanungan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang puntong likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Hindi Ginagawa), ang bilang 2 naman ay (Di- Gaanong Ginagawa), sa bilang 3 (Bahagyang Ginagawa), sa bilang 4 (Madalas na Ginagawa), at sa bilang 5 ay (Lubos na Ginagawa). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa limang seksyon. Binubuo ito ng dalawampu’t lima na pahayag kasama ang mga sumusunod: pagsisikap at dedikasyon, pakikilahok sa klase, pagtutulungan, pagiging organisado, at pagsusuri at repleksyon. Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa antas ng gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

| **Sagot** | **Saklaw** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 5 | 4.21-5.00 | Lubos na Ginagawa |
| 4 | 3.41-4.20 | Madalas na Ginagawa |
| 3 | 2.61-3.40 | Bahagyang Ginagawa |
| 2 | 1.81-2.60 | Di-Gaanong Ginagawa |
| 1 | 1.00-1.80 | Hindi Ginagawa |

**Pagtitipon ng mga Datos**

Bago ang pagbibigay ng talatanungan at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Senior High School Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na respondente. Ang talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Senior High School.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga respondente sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga pangalan

ng respondente ay hindi naitala sa alinman sa mga material na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anum ang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Ang mga datos ay inalisa gamit ang mga sumusunod na mga kagamitang pang estatistika o statistical tools ng pag-aaral na nakabatay sa *Jamovi*:

*Mean and Standard Deviation*. Ang tool na ito ay ginamit upang matukoy kung paano nakaaapekto paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral sa Filipino.

*Pearson Product Moment Correlation Coefficient.* Ginamit ito sa pagtukoy ng makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral s

Kabanata 3

# RESULTA AT TALAKAYAN

## Antas ng Interaktibong Estratehiya ng mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Ipinakita sa Talahanayan 1 na ang pangkalahatang antas ng paggamit ng mga interaktibong estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay Lubos na Ginagamit (M=4.34; SD=0.55). Ang limang konstruk ay kapwa nakakuha ng mataas na mean scores: Pag-aanalisa at Pagsusuri (M=4.36; SD=0.55), Motibasyon at Inspirasyon (M=4.36; SD=0.56), Pakikilahok ng Mag-aaral (M=4.34; SD=0.55), Pakikipagtulungan (M=4.34; SD=0.53), at Pagpapanatili ng Interes (M=4.32; SD=0.56). Ipinapakita nito na ang mga guro ng Filipino ay aktibong nagsasagawa ng mga estratehiyang interaktibo sa kanilang pagtuturo upang matiyak ang partisipasyon, kolaborasyon, at motibasyon ng mga mag-aaral 18itera-aaral ng asignaturang Filipino.

Batay sa pananaw ni (Bautista, 2024), ang mga guro ay hindi lamang tagapagturo kundi tagapagpadaloy ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto, kaya't mahalagang mahasa sila sa paggamit ng interaktibong estratehiya. Ipinapakita ng mataas na antas ng paggamit ng mga estratehiyang ito na kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng learner-centered at interactive strategies na nakatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wika at komunikasyon. Sinang-ayunan nina (Domingo et al., 2023), ang mga estratehiyang nakatuon sa aktibong partisipasyon ng mag-aaral ay may positibong epekto sa pagtaas ng antas ng pagkatuto sa mga asignaturang pangwika. Ang mga gurong nagpapamalas ng mataas na antas ng pagkamalikhain at interaksyon sa klase ay mas

epektibong nakapupukaw ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral, na mahalaga sa kanilang akademikong pag-unlad (Mendez et al., 2022).

Ang resulta ay nagpapakita rin na ang pagpapalawak ng kakayahan ng guro sa paggamit ng mga estratehiya gaya ng pagbibigay ng motibasyon, pagsasama ng kolaboratibong gawain, at pagbibigay ng pagkakataong makapagsuri at makapagpahayag ng 19iterat ang mag-aaral ay nakatutulong sa mas makabuluhang pagkatuto

Ang mataas na antas ng paggamit ng mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay patunay na ang mga guro ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapalago ng interes, kasanayan, at motibasyon ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1

*Antas ng Interaktibong Estratehiya ng mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino*

| **Mga Konstrak** | **M** | **SD** | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| A. Pakikilahok ng Mag-aaral | 4.34 | 0.55 | Lubos na Ginagamit |
| B. Pakikipagtulungan | 4.34 | 0.53 | Lubos na Ginagamit |
| C. Pag-analisa at Pagsusuri | 4.36 | 0.55 | Lubos na Ginagamit |
| D. Motibasyon at Inspirasyon | 4.36 | 0.56 | Lubos na Ginagamit |
| E. Pagpapanatili ng Interes | 4.32 | 0.56 | Lubos na Ginagamit |
| Pangkalahatang Estratehiya | 4.34 | 0.55 | Lubos na Ginagamit |

*Note. Scale: 4.20-5.00 (Lubos na Ginagamit); 3.40-4.19 (Madalas na Ginagamit); 2.60-3.39 (Paminsan-minsang Ginagamit); 1.80-2.59 (Bihirang Ginagamit); 1.00-1.79 (Hindi Ginagamit Kailanman)*

**Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Ipinakita sa Talahanayan 2 na ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay karaniwang nasa mataas na lebel, na may pangkalahatang mean (M=4.17; SD=0.64) na tumutukoy sa madalas na pagkaunawa sa mga aralin. Pinakamataas ang naitalang antas sa aspektong Pag-uugali sa Pag-aaral (M=4.27; SD=0.55), na nangangahulugang lubos itong naunawaan ng mga mag-aaral, na maaaring magpahiwatig ng positibong disposisyon, disiplina, at aktibong partisipasyon sa pag-aaral. Sinundan ito ng Pagbasa at Pagsuri (M=4.21; SD=0.62) na naunawaan din nang lubos, na nagpapakita ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan at di-pampanitikan. Samantala, ang Kaalaman sa Wika (M=4.17), Pagsulat (M=4.09), at Pagsasalita at Komunikasyon (M=4.10) ay pawang nasa antas ng “madalas na nauunawaan,” na nangangahulugang may sapat ngunit hindi pa ganap na kasanayan ang mga mag-aaral sa mga kasanayang ito.

Sinang-ayunan nina (Salazar et al., 2023), ang patuloy na integrasyon ng mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng wika ay epektibong nakapagpapataas ng antas ng pagkaunawa at pagganap ng mga mag-aaral. Ang positibong pag-uugali at pag-aaral ay mahalagang salik sa pagpapaigting ng pagkatuto sa asignaturang Filipino (Ramos et al., 2022).

Sa ganitong konteksto, dapat hikayatin ang mga guro na mas palalimin pa ang paggamit ng estratehiyang nagpapalakas sa kasanayan sa pagsulat, pagsasalita, at wika, habang patuloy na pinatitibay ang pag-uugali sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang mga datos na ito ay nagbibigay ng panimulang batayan sa pagpaplano ng mga interbensyon

gaya ng writing skills, oral performance workshops, at reading comprehension enhancement activities upang higit na mapaunlad ang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 2

*Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino*

| **Mga Konstrak** | **M** | **SD** | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| A. Kaalaman sa Wika | 4.17 | 0.66 | Madalas na Naunawaan |
| B. Pagbasa at Pagsuri | 4.21 | 0.62 | Lubos na Naunawaan |
| C. Pagsulat | 4.09 | 0.70 | Madalas na Naunawaan |
| D. Pagsasalita at Komunikasyon | 4.10 | 0.64 | Madalas na Naunawaan |
| E. Pag-uugali sa Pag-aaral | 4.27 | 0.55 | Lubos na Naunawaan |
| Pangkalahatang Pag-unawa | 4.17 | 0.64 | Lubos na Naunawaan |

Note. Scale: 4.20-5.00 (Lubos na Naunawaan); 3.40-4.19 (Madalas na Naunawaan); 2.60-3.39 (Bahagyang Naunawaan); 1.80-2.59 (Di-Gaanong Naunawaan); 1.00-1.79 (Hindi Naunawaan)

**Antas ng Interaktibong Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Batay sa Talahanayan 3, na ang antas ng gawi 21itera-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nasa mataas na antas (M=4.14; SD=0.69), na nangangahulugang madalas na isinasagawa ng mga mag-aaral ang mga positibong gawi sa pagkatuto. Pinakamataas ang naitalang mean sa Pagtutulungan (M=4.27; SD=0.69), na nangangahulugang lubos na ginagawa ng mga mag-aaral ang pakikipagkolaborasyon sa kanilang mga kaklase, na isang mahalagang salik sa kooperatibong pagkatuto. Sinundan ito ng Repleksyon (M=4.14), Pakikilahok sa Klase (M=4.10), Pagiging Organisado (M=4.09), at Pagsisikap at Dedikasyon (M=4.08), na pawang nasa antas na “madalas na

ginagawa," at nagpapahiwatig ng aktibong partisipasyon, mahusay na oras at gawaing pamamahala, at patuloy na pagpupunyagi ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Ayon sa mananaliksik na sina (Reyes et al., 2023), ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mataas na antas ng kolaborasyon at aktibong partisipasyon ay mas handa sa mga gawaing pampagkatuto at mas madaling naaabot ang layunin ng aralin. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina (Gomez et al., 2024) na nagpapakita na ang metakognitibong gawi tulad ng repleksyon ay may malaking epekto sa lalim ng pagkaunawa at aplikasyon ng kaalaman sa konteksto ng Filipino. Kaugnay nito, binigyang-diin ni (Mendoza, 2022) na ang pagiging organisado at may dedikasyon sa pag-aaral ay nagtutulay sa epektibong paggamit ng mga interaktibong estratehiya ng guro, na siyang nagpapalalim sa pagkatuto ng wika.

Mahalagang isama ng mga guro sa kanilang mga layunin sa pagtuturo ang pagpapalakas sa mga gawi ng mag-aaral, tulad ng pagbibigay ng mga reflective journals, group-based activities, at time management training. Ang mga tagapamahala sa paaralan ay maaari ring magsagawa ng mga seminar ukol sa study habits at motivation upang lalo pang maisulong ang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Talahanayan 3

*Antas ng Gawi sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino*

| ***Mga Konstrak*** | ***M*** | ***SD*** | ***Remarks*** |
|---|---|---|---|
| *A. Pagsisikap at Dedikasyon* | *4.08* | *0.70* | *Madalas na Ginagawa* |
| *B. Pakikilahok sa Klase* | *4.10* | *0.64* | *Madalas na Ginagawa* |
| *C. Pagtutulungan* | *4.27* | *0.69* | *Lubos na Ginagawa* |
| *D. Pagiging Organisado* | *4.09* | *0.69* | *Madalas na Ginagawa* |
| *E. Repleksyon* | *4.14* | *0.71* | *Madalas na Ginagawa* |
| *Pangkalahatang Pag-unawa* | *4.14* | *0.69* | *Madalas na Ginagawa* |

*Note. Scale: 4.20-5.00 (Lubos na Ginagawa); 3.40-4.19 (Madalas na Ginagawa); 2.60-3.39 (Bahagyang Ginagawa); 1.80-2.59 (Di-Gaanong Ginagawa); 1.00-1.79 (Hindi Ginagawa)*

**Makabuluhang Kaugnayan ng Interaktibong Estratehiya ng Guro sa Pagtuturo ng Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino**

Ipinakita sa Talahanayan 4, na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga interaktibong estratehiya ng guro sa pagtuturo at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, batay sa iba't ibang konstrak ng pagkatuto. Lahat ng ugnayan ay may p-value na mas mababa sa 0.001, kaya't maituturing na mahalaga, at nagpapahiwatig na ang paggamit ng mga estratehiyang interaktibo ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa interaktibong estratehiya, ang pakikipagtulungan ay may mataas na ugnayan sa kaalaman sa wika ($r = 0.62$; $p = 0.000$), pagbabasa at pagsusuri ($r = 0.54$; $p = 0.000$), pagsulat ($r = 0.50$; $p = 0.000$), pagsasalita at komunikasyon ($r = 0.45$; $p = 0.000$), at pag-

uugali sa pag-aaral (r = 0.42; p = 0.000). Ipinapakita nito na ang kooperasyon sa klase ay isang mahalagang aspeto ng interaktibong pagtuturo na nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa at paggamit ng wika. Ayon ni (Javier, 2024), ang collaborative learning ay nagpapataas ng engagement at retention ng kaalaman lalo na sa mga kursong may mataas na demand sa interaksyon tulad ng Filipino.

Ang Pag-analisa at Pagsusuri ay nakaugnay din nang Malaki sa lahat ng aspeto ng pagkatuto kaalaman sa wika (r = 0.61), pagbabasa at pagsusuri (r = 0.56), pagsulat (r = 0.54), pagsasalita at komunikasyon (r = 0.47), at pag-uugali sa pag-aaral (r = 0.40), na lahat ay may p = 0.000. Ipinapakita nito na ang pagbibigay ng mas malalim na pagsusuri sa mga aralin ay mahalaga sa paghubog ng kritikal na pag-iisip. Pinatunayan ni (Santos, 2023) na ang integrasyon ng higher-order thinking skills sa pagtuturo ng Filipino ay humuhubog ng mas matibay na kasanayan sa komunikasyon at pagsusulat.

Samantala, Motibasyon at Inspirasyon ay may malakas ding ugnayan sa lahat ng aspeto: r = 0.62 sa kaalaman sa wika, r = 0.56 sa pagbabasa, r = 0.57 sa pagsulat, r = 0.51 sa pagsasalita, at r = 0.49 sa pag-uugali, na pawang highly significant (p = 0.000). Ipinapahiwatig nito na ang emosyonal at sikolohikal na aspeto ng pagkatuto ay hindi maaaring ihiwalay sa akademikong pagganap. Ayon kay (Bautista, 2024), ang mga guro ay may malaking papel sa pagbibigay-inspirasyon sa mag-aaral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng makataong paglapit sa pagtuturo.

Ang Pagpapanatili ng Interes ay may kaugnayan rin sa kaalaman sa wika (r = 0.52), pagbabasa (r = 0.45), pagsulat (r = 0.47), pagsasalita (r = 0.43), at pag-uugali sa pag-aaral (r = 0.46), na may parehong p-value na 0.000. Malinaw na ang pagpukaw ng interes

ay epektibong hakbang upang mapanatili ang pokus at aktibong pakikilahok ng mag-aaral. Kinilala nina (Domingo et al., 2023) ang kahalagahan ng learner engagement sa paggamit ng mga estratehiyang tumutugon sa interes at karanasan ng mga mag-aaral.

Hindi naman gaanong makabuluhan ang ugnayang ipinakita ng Pakikilahok ng Mag-aaral sa kaalaman sa wika ($r = 0.05$; $p = 0.05$), pagbabasa at pagsusuri ($r = 0.07$; $p = 0.05$), pagsulat ($r = 0.10$; $p = 0.05$), pagsasalita at komunikasyon ($r = 0.05$; $p = 0.05$), at pag-uugali 25itera-aaral ($r = 0.11$; $p = 0.05$). Bagaman positibo ang direksyon ng ugnayan, ito ay itinuturing na hindi gaanong makabuluhan. Maaring ipaliwanag ito sa pamamagitan ng mga panlabas na salik gaya ng kakulangan sa kumpiyansa ng mag-aaral o hindi sapat na pagpapadali ng guro sa aktibong partisipasyon. Ayon kay (Llamas,2022), ang simpleng presensya sa klase ay hindi sapat upang matiyak ang aktwal na pagkatuto, kundi ito ay nangangailangan ng malalim na ugnayan sa nilalaman, proseso, at interaksyon.

Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapahiwatig na ang mga guro sa Filipino ay nararapat na patuloy na gumamit at paunlarin ang kanilang interaktibong estratehiya sa pagtuturo upang mas mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Maipapayo sa mga guro ang regular na pagdalo sa mga seminar-workshop tungkol sa learner-centered teaching, reflective pedagogy, at classroom engagement strategies. Mahalaga ring bigyan ng mga programang pangsuporta ang mga mag-aaral upang mapalakas ang kanilang partisipasyon at kolaborasyon, gaya ng peer learning activities, interactive group tasks, at mga mentoring sessions.

Talahanayan 4

*Makabuluhang Kaugnayan ng Interaktibong Estratehiya ng Guro sa Pagtuturo ng Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino*

| **Baryabol** | | **Kaalaman sa Wika** | **Pagbabasa at Pagsusuri** | **Pagsulat** | **Pagsasalita at Komunikasyon** | **Pag-uugali sa Pag-aaral** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pakikilahok ng Mag-aaral | *r* | 0.05* | 0.07*** | 0.10*** | 0.5*** | 0.11*** |
| | *p* | 0.58*** | 0.43*** | 0.24*** | 0.57*** | 0.17*** |
| Pakikipagtulungan | *r* | 0.62*** | 0.54*** | 0.50*** | 0.45*** | 0.42*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Pag-analisa at Pagsusuri | *r* | 0.61*** | 0.56*** | 0.54*** | 0.47*** | 0.40*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Motibasyon at Inspirasyon | *r* | 0.62*** | 0.56*** | 0.57*** | 0.51*** | 0.49*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Pagpapanatili ng Interes | *r* | 0.52*** | 0.45*** | 0.47*** | 0.43*** | 0.46*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |

*Notes: Ho: Walang makabuluhang kaugnayan ang interaktibong estratehiya ng guro sa pagtuturo ng sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.*

*Probability Value Scale: *** $p < .001$ (Lubos na Napahalagahan);**$p<0.01$ (Lubos na Napahalagahan); *$p<0.05$ (Napahalagahan); $p>0.05$ (Hindi na Napahalagahan)*

**Gawi sa Pag-aaral ng mga Mag-aaral ay Nagiging Mediator o Moderator sa relasyon ng Estratehiya sa Pagtuturo at Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral**

Ipinakita sa Talahanayan 5 na ang gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay may makabuluhang kaugnayan at nagsisilbing mediator o moderator sa relasyon ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagtuturo at ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Lahat ng ugnayan ay may p-value = 0.000, kaya't maituturing na

highly significant (***p < 0.001), na nagpapakita ng matibay na implikasyon ng papel ng gawi sa pag-aaral sa pagpapataas ng akademikong pagganap.

Sa mga espesipikong baryabol, makikita na ang Pagsisikap at Dedikasyon ay may mataas na korelasyon sa kaalaman sa wika (r = 0.54), pagbabasa at pagsusuri (r = 0.52), pagsulat (r = 0.50), pagsasalita at komunikasyon (r = 0.53), at pag-uugali sa pag - aaral (r = 0.50). Ipinapahiwatig nito na ang personal na determinasyon ng mag-aaral ay isang mahalagang tagapamagitan sa epektibong pagtamo ng kaalaman mula sa mga interaktibong estratehiya ng guro. Ayon kay (De Castro, 2022), ang intrinsic motivation ng mag-aaral ay kadalasang nagpapalalim ng pagkatuto lalo na sa mga araling pangwika.

Ang Pakikilahok sa Klase ay nagpapakita rin ng mataas na antas ng kaugnayan sa lahat ng aspekto ng pagkatuto mula sa kaalaman sa wika (r = 0.53) hanggang sa pag-uugali ng mga mag-aaral (r = 0.56). Ipinapakita nito na ang aktibong partisipasyon ay hindi lamang nagpapataas ng atensyon kundi nakapagpapalalim din ng pag-unawa sa mga konsepto sa Filipino. Ayon kina (Reyes et al.,2023), ang participatory learning ay mas epektibo kung ang mga mag-aaral ay hinihikayat na magsalita, magtanong, at makipagpalitan ng ideya sa loob ng klase.

Samantala, ang pagtutulungan, pagiging organisado, at repleksyon ay pawang nagpapakita rin ng highly significant na ugnayan sa bawat aspeto ng pagkatuto. Partikular na kapansin-pansin ang mataas na kaugnayan ng Repleksyon sa pagsulat (r = 0.58), na nagpapakita na ang pagninilay sa sarili ay mahalaga sa masining at masusing pagbuo ng teksto. Ayon kina (Santos et al.,2024), ang integrasyon ng reflective practices sa pagtuturo ng Filipino ay nagpapalalim sa metakognitibong kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang mga gawi sa pag-aaral gaya ng pagsisikap, partisipasyon, pagtutulungan, pagiging organisado, at repleksyon ay may mahalagang papel bilang mediator o moderator sa relasyon ng estratehiya ng guro sa pagtuturo at akademikong pagkatuto ng mag-aaral. Ibig sabihin, ang bisa ng mga interaktibong estratehiya ay higit na nadarama at nakikita kung ang mag-aaral ay may positibong gawi sa pag-aaral.

Talahanayan 5

*Interaktibong Pag-aaral ng mga Mag-aaral ay Nagiging Mediator o Moderator sa relasyon ng Estratehiya sa Pagtuturo at Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral*

| **Baryabol** | | **Kaalaman sa Wika** | **Pagbabasa at Pagsusuri** | **Pagsulat** | **Pagsasalita at Komunikasyon** | **Pag-uugali sa Pag-aaral** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagsisikap at dedikasyon | *r* | 0.54 *** | 0.52*** | 0.50 *** | 0.53*** | 0.50*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Pakikilahok sa klase | *r* | 0.53*** | 0.52*** | 0.49*** | 0.53*** | 0.56*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Pagtutulungan | *r* | 0.53*** | 0.49*** | 0.48*** | 0.42*** | 0.45*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Pagiging Organisado | *r* | 0.50*** | 0.48*** | 0.52*** | 0.50*** | 0.46*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| Repleksyon | *r* | 0.47*** | 0.48*** | 0.58*** | 0.46*** | 0.43*** |
| | *p* | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |

*Notes: Ho: Walang makabuluhang kaugnayan ang gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nagiging mediator o moderator sa relasyon ng estratehiya sa pagtuturo at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.*

*Probability Value Scale: *** p < .001 (Lubos na Makabuluhan);**p<0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p<0.05 (Makabuluhan); p>0.05 (Walang Makabuluha*

Kabanata 4

# LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

## Lagom

Ang guro at ang kanilang kakayahan sa paggamit ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo, kasama na rin ang kapaligiran ng silid-aralan na nagtataguyod ng aktibong partisipasyon at kolaborasyon, ay may makabuluhang kaugnayan sa antas ng pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral (Santos et al., 2022). Sa pag-aaral na ito ay tinalakay ang epekto ng paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto at pag-uugali ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga respondente sa pag-aaral ay binubuo ng dalawang daan na mag-aaral mula sa ika labing-isang baitang sa Pamantasan ng Misamis University. Ang pananaliksik ay gumamit ng tatlong talatanungan bilang kagamitan sa pagtitipon ng datos, na binuo mismo ng mga mananaliksik. Ang mga datos ay sinuri gamit ang Mean at Standard Deviation upang masukat ang epekto ng mga estratehiyang interaktibo sa pagkatuto at gawi ng mga mag-aaral. Ang mga sumusunod ay ang mga layuning nais matuklasan ng pananaliksik: 1. Natutukoy ang antas ng interaktibong estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. 2. Natutukoy ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. 3. Natutukoy ang antas ng gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. 4. Natutukoy ang makabuluhang kaugnayan ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagtuturo sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. 5. Nasusuri kung ang gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay nagiging mediator o moderator sa relasyon ng estratehiya sa pagtuturo at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Mga Natuklasan**

Batay sa pagsusuri ng mga datos, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na mahahalagang punto kaugnay sa paggamit ng interaktibong estratehiya ng guro sa pagtuturo ng Filipino:

